Mensahe Walo

## Paghahari sa Buhay

Babasahin sa Kasulatan: Roma 5:10, 17, 21; 12:5-7; 16:1-16, 20

**I. Ang kumpletong pagliligtas ng Diyos ay upang maghari tayo sa buhay sa pamamagitan ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran—Roma 5:17, 21:**

A. Ang paghahari sa buhay ay ang ganap na karanasan sa organikong pagliligtas ng Diyos—bb. 10, 17, 21.

B. Ang kaloob ng katuwiran ay para sa pambatas na pagtutubos ng Diyos; ang biyaya ay upang maranasan natin ang organikong pagliligtas ng Diyos—1:17; 5:10:

1. Ang kaloob ng katuwiran ay ang pambatas na pagtutubos ng Diyos na inaplay sa atin sa isang praktikal na paraan—3:24, 26.
2. Ang biyaya ay ang Diyos Mismo bilang ating sumasapat sa lahat na panustos para sa ating organikong kaligtasan—1 Cor. 5:10; 2 Cor. 12:9.

C. Ang pinakamataas na pagtamo sa paghahabol kay Kristo ay ang maghari kasama ni Kristo sa Kanyang dibinong buhay sa pamamagitan ng Kanyang sumasaganang biyaya—Fil. 3:13-14; Roma 5:17, 21:

1. Ang maghari sa buhay ay ang malupig, masupil, at mapamunuan si Satanas, ang sanlibutan, kasalanan, ang laman, ating sarili, at lahat ng sirkumstansiya sa kapaligiran—8:2, 35-37.
2. May pangangailangan para sa lahat ng mananampalataya na nakatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran na isagawa ang paghihigpit at paglilimita sa dibinong buhay—cf. Mat. 8:9.

**II. Kailangan nating pumasok sa karanasan ng paghahari sa buhay—Roma 5:17, 21:**

A. Isinilang na muli tayo ng isang dibino, espiritwal, makalangit, makahari, at maharlikang buhay; iniluluklok tayo ng buhay na ito upang maghari bilang mga hari sa lahat ng bagay—Juan 1:12-13; 3:3, 5; Apoc. 5:10.

B. Sa karanasan, ang maghari sa buhay ay nangangahulugang mapasailalim ng pamumuno ng dibinong buhay—Mat. 8:9:

1. Si Kristo ay isang tularan ng paghahari sa buhay sa pamamagitan ng pagiging nasa ilalim ng pamumuno ng dibinong buhay ng Ama—cf. bb. 5-13.
2. Si Pablo ay isang halimbawa ng isa na, sa kanyang buhay at ministeryo, ay nasa ilalim ng pamumuno ng dibinong buhay—2 Cor. 2:12-14.
3. Kapag naghari tayo sa buhay sa pamamagitan ng pagiging nasa ilalim ng pamumuno ng dibinong buhay, naliligtas tayo mula sa awtoridad ng kadiliman—Col. 1:13a.
4. Kapag nasa ilalim tayo ng pamumuno ng dibinong buhay, namumuhay tayo sa kaharian ng Anak ng pag-ibig ng Diyos, kung saan napamumunuan at nalilimitahan tayo sa katamisan ng pag-ibig—b. 13b.

C. Ang maghari sa buhay ay ang supilin ang lahat ng uri ng pagsuway—Roma 5:17-18, 21:

1. Ang isang naghaharing espiritu ay kailangang malakas at buháy, aktibo at hindi pasibo, positibo at hindi negatibo, masigasig at hindi pabaya.
2. Hindi lamang pinananatili ng isa na may gayong espiritu ang katayuan ng kaayusan at nagpapasakop sa awtoridad ng Diyos bagkus ay may malakas na pananampalataya rin at palagiang ipinatutupad ang awtoridad ng Diyos sa katayuan ng pag-akyat sa langit—Mat. 28:18; Efe. 2:6.

D. Ang maghari sa buhay ay ang madirektahan ng Panginoon ang ating puso—Kaw. 21:1; 2 Tes. 3:5.

E. Yamang naghahari tayo sa buhay gaya ng Diyos, tayo ay nagiging Diyos sa buhay, kalikasan, kahayagan, at pangsyon subalit hindi sa pagka-Diyos—Roma 5:17, 21; Col. 3:4; 2 Ped. 1:4.

**III. Ang paghahari sa buhay sa Roma 5 ay ang susi sa lahat ng bagay sa Roma 6—16:**

A. Kailangan nating makita ang lahat ng bagay sa kapitulo 6 hanggang 16 sa liwanag na ito.

B. Ang paghahari sa buhay ay ipinaliwanag sa kapitulo 6 hanggang 16; ang lahat ng bagay na ipinaliwanag sa mga kapitulong ito ay bunga hindi ng ating pagpupunyagi kundi ng ating pagtanggap ng kasaganaan ng biyaya—5:21.

C. Kung naghahari tayo sa buhay, tayo ay nasa lahat ng bagay na inilahad sa kapitulo 6 hanggang 16.

**IV. Ang bunga ng ating paghahari sa buhay, sa ilalim ng pamumuno ng dibinong buhay, ay ang totoo at praktikal na buhay-Katawang nahayag sa buhay-ekkesia—5:17, 21; 12:5-8:**

A. Ang bawat aytem ng pamumuhay ng buhay-Katawan sa Roma 12—13 ay humihiling sa atin na mapamunuan ng dibinong buhay upang mabuhay sa Panginoon—cf. 2 Cor. 5:14-15:

1. Kailangan nating ihandog ang ating katawan bilang isang haing buháy—Roma 12:1b.
2. Hindi tayo dapat magsiayon sa kapanahunang ito, kundi dapat matransporma tayo sa pamamagitan ng pagpapabago ng ating kaisipan—b. 2.
3. Hindi tayo dapat mag-isip nang higit tungkol sa ating sarili kaysa nararapat nating isipin, kundi mag-isip nang may kahinahunan, ayon sa sukat ng pananampalatayang ibinahagi ng Diyos sa bawat isa—b. 3.
4. Dapat nating isaalang-alang na sa Katawan ni Kristo ay mayroon tayong maraming sangkap, at lahat ng sangkap ay hindi magkakatulad ng pangsyon—bb. 4-5.

B. Kailangan nating mamuhay ng isang buhay ng pinakamataas na mga kagalingan para sa buhay-Katawan sa pamamagitan ng paghahari sa buhay:

1. Dapat umibig tayo nang walang pagkukunwari at magiliw na magmahalan sa pangkapatirang pag-ibig—bb. 9a, 10a.
2. Hindi tayo dapat maging tamad sa pagsusumikap, kundi dapat tayong maging maningas sa espiritu, naglilingkod sa Panginoon—b. 11.
3. Dapat tayong magtiis sa kapighatian—b. 12b.
4. Dapat tayong makigalak sa mga nagagalak, at dapat tayong makitangis sa mga nagsisitangis—b. 15.
5. Kung maaari, hangga't makakaya natin, mamuhay tayo nang payapa kasama ng lahat ng tao—b. 18.

**V. Kailangan nating maghari sa buhay sa pagtulad kay apostol Pablo upang dalhin ang mga ekklesia-lokal tungo sa salamuha ng Katawan ni Kristo—16:1-16:**

A. Sa gitna ng lahat ng ekklesia na bumubuo sa isang pansansinukob na Katawan ni Kristo, walang organisasyon, kundi may salamuha ng Katawan ni Kristo—Fil. 1:5.

B. Ang pagsasalamuha sa gitna ng mga ekklesia ay ang salamuha ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 10:16:

1. Ang pagbabawi ng Panginoon ay batay sa katotohanan na si Kristo ay mayroon lamang isang Katawan, na nahahayag sa maraming lokalidad bilang mga ekklesia-lokal—Efe. 1:22-23; 4:4; Apoc. 1:11.
2. Dahil may isang Espiritu, mayroon lamang isang Katawan, at mayroon lamang isang sirkulasyon ng buhay sa Katawan; ang sirkulasyong ito ay ang salamuha ng Katawan ni Kristo—Efe. 4:4; 1 Juan 1:3, 7.
3. Ang salamuha ng Katawan ni Kristo ay ang sirkulasyon ng Espiritu; kapag lumalaganap ang Espiritu sa loob ng Katawan ni Kristo, ang pagkadibino, pagkatao, ang persona ni Kristo, ang kamatayan ni Kristo, at ang pagkabuhay na muli ni Kristo ay lumalaganap lahat.
4. Ang dibinong salamuha ay ang realidad ng pamumuhay sa Katawan ni Kristo—1 Cor. 1:9; 12:12-13, 27.

C. Sa pamamagitan ng pagsasalamuha ng mga ekklesia sa Katawan ni Kristo na dudurugin ng Diyos ng kapayapaan si Satanas sa ilalim ng ating mga paa—Roma 16:20.

**VI. Binibigyan tayo ng Roma 16 ng isang ekselenteng tularan ni apostol Pablo sa pagdadala sa lahat ng banal tungo sa buhay paghahalo ng buong Katawan ni Kristo; sa ganitong buhay na tayo ay talagang makapaghahari sa buhay—5:17:**

A. Isa-isang binati ni Pablo ang mga banal, nagbanggit ng hindi bababa sa dalawampu't pitong pangalan; nagpapakita ito na mayroon siyang malaking pagkakilala, pagkaunawa, at pagmamalasakit patungkol sa bawat isa sa kanila—16:1-16.
B. Ang mga pagtatagubilin at pagbati ni Pablo ay nagpapahayag kapwa ng mutuwal na pagmamalasakit sa mga banal at ng mutuwal na pagsasalamuha sa gitna ng mga ekklesia—cf. Col. 4:15-16.

*© 2023 Living Stream Ministry*